Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Provincial Environment and Natural Resources Office

5

July 21, 2022

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
02 AUG 2022
☐ INCOMING ☐ OUTGOING
BY: DATE NO.

**MEMORANDUM**

**FOR** : The OIC, Director
Biodiversity Management Bureau

**THRU** : The Regional Executive Director
MIMAROPA Region

**FROM** : The In-charge, PENR Officer
Oriental Mindoro

**SUBJECT** : **LETTER FROM KATUTUBONG PAMAYANAN NG TRIBUNG BUHID AT SADIK HABANAN BUHID, INC. BONGABONG, ORIENTAL MINDORO**

Respectfully forwarding the letter of Katutubong Pamayanan ng Tribung Buhid at Sadik Habanan Buhid, Inc. of Bongabong, Oriental Mindoro regarding their request for a dialogue/meeting pertaining to the concerns on conflicting activities on the management of Mts. Iglit-Baco Natural Park within their jurisdiction and rights under CADT 127.

For consideration.

**TSD CHIEF ALMA E. GIBE**

DENRPENRO2207000068

*PENRO Tracking No.*
*TSD-CDS/bf*

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**Community Environment and Natural Resources Office**
Camia St., San Mariano, Roxas, Oriental Mindoro
Contact No.: 0917 876 9985 / 0917 169 0232
VOIP: (043) 289-7118
Email: cenroroxas_orientalmin@yahoo.com

July 15, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR** : **The OIC-Director**
Biodiversity Management Bureau
Ninoy Aquino Parks and Wildlife Center,
1100 Diliman Quezon City, Philippines

THRU : **The Regional Executive Director**
1515 L&S Building, Roxas Boulevard
Ermita, Manila

**In-Charge, Office of the PENRO**
Calapan City, Oriental Mindoro

DENR-MIMAROPA REGION
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE
ORIENTAL MINDORO
PENRO TRACKING NO.
RECEIVED BY:
DATE: JUL 20 2022
TIME:

**FROM** : **The CENR Officer**
Roxas, Oriental Mindoro

**SUBJECT** : **LETTER FROM KATUTUBONG PAMAYANAN NG TRIBUNG BUHID AT SADIK HABANAN BUHID, INC. BONGABONG ORIENTAL MINDORO**

Forwarded herewith is the request letter of ***Katutubong Pamayanan ng Tribung Buhid*** at ***Sadik Habanan Buhid, Inc.*** of Bongabong, Oriental Mindoro to the Biodiversity Management Bureau (BMB) for a dialogue meeting on "Usapin sa Lupang Ninuno na nakapaloob sa pambansang parke na tinatawag na Mt. Iglit-Baco".

For consideration and appropriate action.

**ENGR. CAESAR E. QUEBEC**
CENR Officer

*CDS/imem*
*Tracking No. 2207000457*

KATUTUBONG PAMAYANAN NG TRIBUNG BUHID at SADIK HABANAN BUHID, INC. Batangan, Bongabong Silangang Mindoro

DENR · CENRO SAN MARIANO ROXAS ORIENTAL MINDORO RECEIVED 7/8/2022

Hunyo 30, 2022

KAHILINGAN
NA
MAGKAROON NG PAGDIYALOGA AT KASUNDUAN
HINGGIL SA ISTATUS NG PAMBANSANG PARKE
SA LOOB NG TITULADONG LUPAING NINUNO
NAMING TRIBUNG BUHID AT BANGON

KGG. DIRECTOR
Biodiversity Mangagement Bureau (BMB)
Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Kayamanan (DENR)
Quezon City

Kagalanggalang BMB Director,

Pagbati po! Nais po naming mga kinatawan ng Katutubong Pamayanan ng Tribung Buhid sa pamamagitan ng pangkalahatang samahang Sadik Habanan Buhid, Inc. magpaabot sa inyong Kagalanggalang na Director ng DENR-BMB ng aming kahilingan na magkaroon ng pagdiyaloga sa inyo tungkol sa kalagayan ng pambansang parke na tinatawag ng Mt. Iglit-Baco na nakapatong sa malaking bahagi ng aming lupaing ninuno. Sa pagpupulong na ito ay sana'y aanyahan na magkasama ang mga kinatawan ng NCIP Central.

Kinilala ang aming karapatan sa pagmamay-ari ng lupaing ninuno noong naaprubahan ng NCIP ang CADT 127 noong Hulyo 24, 2009. Gayunpaman naglulunsad ang PAMB ng parke ng mga gawain at plano na nakakaepekto sa aming lupaing ninuno na wala kaming boses sa pagdesisyon dito. Kagaya ng kasalukuyang plano na dinudulog sa amin na maglalagay ng mga karatula sa hangganan ng nasabing parke ng layo ng 250 metro sa isa't isa na dadaan sa kalagitnaan ng aming mga taniman na sagingan, niyogan, atbp., at maaaring maghati ng mismong mga bahay o sityo namin at tumama sa aming inaalagaang kagubatan na pinarehistro sa UNEP bilang ICCA.

Layunin po ng pagdiyaloga-pagpupulong na ito ang pagtakda ng kanya-kanyang tungkulin at kapangyarihan, Tribu at BMB, sa lugar na nakapatong ang IPRA at NIPAS sa loob ng aming CADT at sa huling resulta na magkakaroon ng nakasulat na kasunduan na naglilinaw ng mga ito.

Ang panukalang adyenda sa pagdiyaloga na ito ang mga sumusunod:

1. Karapatan, kapangyarihan at tungkulin naming Tribung Buhid at Bangon kung saang nakapatong ang IPRA at NIPAS sa CADT.

2. Kapangyarihan at tungkulin ng DENR-BMB-PAMB kung saang nakapatong ang NIPAS sa CADT.

3. Karapatan at kapangyarihan naming tribung Buhid at Bangon sa pagdesisyon, pagsang-ayon, pagtutol o paglagay ng mga kondisyon man, ng mga plano at gawain ng PAMB-PASO sa loob ng CADT kung saang napakaliit na minorya ang pangangatawan ng tribu kahit kami ang may-ari ng lugar sa lupaing ninuno.

4. **Layunin ng paglalagay sa lupa ng mga karatula o tanda sa hangganan ng parke na tuwid ng ginuhit sa mapa na walang kapahintulutan ng tribu:**

    a. Para saan at kanino ang mga ito – sino ang titingin at babasa ng karatula at sino ang tinatutukan nitong mga PABALA
    b. Epekto sa lupaing ninuno
    c. Epekto sa mga taong may taniman, bahay o sityo
    d. Epekto sa inaalagaang kagubatan-ICCA
    e. Ugnayan ng mga karatula sa pasyalan ng mga turista at sa panghihimasok at pag-aangkin ng mga Di-katutubo
    f. Sistema at pananagutan sa pangingingatan at pananatili ng mga karatula.

5. Hurisdiksiyon ng NCIP at DENR-BMB-PAMB sa lugar na nakapatong sa CADT.

6. Pamaraan at mga hakbangin kung papaanong magtupad ng paglabas ng mga tirahan, taniman at ICCA ng Buhid at Bangon sa sakop ng pambansang parke na baguhin ang hangganan nito.

Nagpapasalamat po kami sa inyong pagtugon sa aming kahilingang ito.

Lumagda kaming mga kinatawan ng pamunuan at opisyales ng Buhid ngayong ika-30 ng Hunyo, 2022 sa Barangay Batangan, Bongabong, Silangang Mindoro.

Ang mga gumagalang,

INGAY SOLMAY
Tagapangulo

MANDY SUMBAD
Pangalawang Tagapangulo

DANTE SAWANAY
Kalihim

Hignop Ucad

HIGNOP UCAD
Tagasuri – Batangan

Binigyang Sipi:

PASO/PAMO @PAMB – Mt. Iglit-Baco Pambansang Parke – San Jose, Kanlurang Mindoro
NCIP – Ancestral Domains Office – Quezon City